

Ang Pag-galing ni Naaman

(2 Mga Hari 5)

Noong unang panahon, sa isang lugar na tinatawag na Aram, may isang lalaki na nagngangalang Naaman. Si Naaman ay isang matapang at makapangyarihang pinuno ng hukbo. Nirerespeto siya ng lahat dahil marami siyang napanalunang laban para sa kanyang bansa. Pero may malaking problema si Naaman. May sakit siya na tinatawag na ketong. Ang ketong ay nagpapaputi at nagpapabukol ng kanyang balat, at ito'y masakit.



Malungkot na malungkot si Naaman dahil walang nakakaalam kung paano siya gagaling. Isang araw, isang batang babae na nagtratrabaho para sa asawa ni Naaman ang nagsabi, "May kilala akong makakatulong kay Naaman! May propeta sa Israel na nagngangalang Elisha. Maaari siyang humiling sa Diyos na pagalingin si Naaman."

Nagpasya si Naaman na pumunta sa Israel para hanapin si Elisha. Dinala niya ang maraming regalo, tulad ng ginto, pilak, at magagarang damit. Gusto niyang ibigay ito kay Elisha bilang pasasalamat sa pagtulong sa kanya.

Nang dumating si Naaman sa bahay ni Elisha, nagpadala si Elisha ng mensahero para sabihan si Naaman kung ano ang gagawin. Sinabi ng mensahero, "Pumunta ka at lumubog ka ng pitong beses sa Ilog Jordan. Pagkatapos, gagaling na ang iyong balat."

Nagalit si Naaman. Akala niya ay lalabas si Elisha at ikukumpas ang kanyang kamay para pagalingin siya. Sinabi rin niya mas mabuti ang mga ilog sa kanyang bansa kaysa sa Ilog Jordan. Pero sinabi ng mga alipin ni Naaman, "Kung pinagawa ka ng propeta ng mahirap na bagay, gagawin mo naman. Bakit hindi mo gawin ang simpleng bagay na ito at maghugas sa ilog?"

Nakinig si Naaman sa kanyang mga alipin. Pumunta siya sa Ilog Jordan at nilubog ang kanyang sarili ng pitong beses. Nang umangat siya sa ikapitong beses, ang kanyang balat ay malinis at malusog, parang balat ng isang batang lalaki!

Napakasaya ni Naaman. Bumalik siya kay Elisha at sinabi, "Ngayo'y napatunayan kong walang ibang diyos sa ibabaw ng lupa kundi ang Diyos ng Israel." Gusto niyang ibigay kay Elisha ang mga regalong dala niya, ngunit tinanggihan ito, "Saksi ang buhay na Diyos na aking pinaglilingkuran, hindi ako tatanggap ng kahit ano."

Nangako si Naaman na sasambahin ang Diyos ng Israel habang buhay niya. Umuwi siyang punong-puno ng kagalakan dahil magaling na siya.



May kapangyarihan ang Diyos na magpagaling at gumawa ng mga himala, gaya ng kung paanong pinagaling ng Diyos si Naaman sa pamamagitan ng Kanyang propetang si Elisha. Ang Diyos ay makapangyarihan at kayang gawin ang mga bagay na tila imposible sa atin. Siya ay mapagmahal at nagmamalasakit sa lahat, saan man sila nagmula o sino man sila. Si Naaman ay mula sa ibang bansa, ngunit tinulungan pa rin siya ng Diyos. Si Naaman ay gumaling nang sinunod niya ang mga tagubilin ng Diyos sa pamamagitan ni Elisha, kahit na ang mga tagubilin ay tila simple at kakaiba.

